# M2088

*Posted on 19.01.2023 by Adam Parnell*

**Category:** Superyachts

**Report Title**Pamimilit na makagawa ng isang nakamamatay na desisyon

## Initial Report

Ang superyacht ay naka-angkla sa isang bay na kung saan ang mga jet ski ay pinagbawal dahil sa density ng trapiko sa angkorahe at *spate* ng mga dating insidente.

Ang may-ari ay nasa bangka kasama ng kapwa panauhin na malakas uminom. Hiniling nila na i-launch ang jet ski. Ipinaliwanag ng kapitan na ang paggamit ng jet ski ay ipinagbabawal at minasama nila ito dahil sa kalasingan. Pinagpilitan padin ito ng may-ari at ng bisita, lumaki ang usapang ito hanggang sa binigyan nila ng ultimatum ang kapitan na mamili kung ila-launch ang jet-ski o ma-dismiss.

Ang kapitan ay sumuko dahil sa pressure na ito at ini-launch ang jet ski. Ilan sandali lamang, ang may-ari ng bangka at ang bisita nito ay nagkaroon ng high-speed collision sa kalapit na bangka. Narekober sa tubig ang biktima, walang malay at lubhang sugatan; natagpuan ng crew na hindi na ito humihinga, binigyan ng CPR, subalit ang biktima ay namatay bago pa man dumating ang emergency services.

Ang naging resulta ay isang nasawi, na-trauma na crew at may-ari, at ang kapitan na nawalan ng trabaho. Nanatili siyang walang trabaho sa loob ng dalawang taon habang nasa ilalim ng imbestigasyon at may banta ng criminal prosecution.

Sa aking karanasan, ang Superyacht owners ay kadalasang hindi makatuwiran ang pagka-demanding at kailangan rumespeto sa utos ng kapitan. Ang pagsasabi ng 'hindi' ay hindi pamilyar sa kanila at tila bang parang insulto sa kanila. Ang kapitan na naninidigan ay nanganganib na maside-lined para sa kanilang propesyunal na paguugali, at iyong mga sumusuko sa ganitong mga demand ay maaaring humarap sa mas matinding kahihinatnan.

## Comment

Ang pagkalasing ang nagpalabo sa judgement ng bisita at ng may-ari. Subalit alam ng kapitan na ang pag jet-ski sa bay ay ipinagbabawal. Kahit na sibakin pa ng may-ari ang kapitan, on the spot, matapos na lumiwanag na ang kanilang pag-iisip, maaaring mapagtanto nila na ang kapitan ay nagsasalita lamang objectively, at hindi subjectively. Subalit, kahit na makapaglalagay ito ng panganib sa iba, maaaring mahirap tanggihan ang kahilingan o utos ng may-ari, partikular na kung

sanay sila na nakukuha nila ang kanilang gusto o nakikita nila na ang pagtanggi sa kanila ay pag-challenge sa kanilang awtoridad. Sa pagkakataong ito, binu-bully ng may-ari ang kapitan sa pag-launch ng jet ski labag sa kaniyang professional judgement. Gayunpaman, ang pangunahing tungkulin ng kapitan ay ang kaligtasan ng kaniyang mga pasahero, at tumanggi sana sila, ano pa man ang sirkumstansya.

*Sa pagkakataong ito, binu-bully ng may-ari ang kapitan sa pag-launch ng jet ski labag sa kaniyang professional judgement. Gayunpaman, ang pangunahing tungkulin ng kapitan ay ang kaligtasan ng kaniyang mga pasahero, at tumanggi sana sila, ano pa man ang sirkumstansya.*

Para maiwasan ang ganitong senaryo, ang mga kapitan ay hinihikayat na kumpirmahin sa may-ari ng bangka na sila ay may kapangyarihan na tanggihan ang mga kahilingan na maaaring maglagay sa mga tao sa kapahamakan – at mahalaga na sila ay pakikinggan ng mga ito. Maganda kung ito ay isasagawa sa umpisa pa lamang ng kanilang professional relationship hangga't maaari – potensyal na kahit sa panayam pa lamang. Ang isang matalinong may-ari ay makikita na ang kapitan ay may malasakit sa kanilang interest. Kung ang gayong mga assurance ay hindi nakikita, ito sana ay maging 'red flag' sa kapitan na ang safety on board ay maaaring makompromiso sa hinaharap. Mas mainam na maghanap ng alternatibong mapapasukan sa puntong iyon kaysa matagpuan ang sarili na pinagbabantaan sa gitna ng tensyon sa panahon na iyon. Nais ng CHIRP na banggitin na ang master ay may iba pang lugar upang maireport ang pamimilit, na dapat ay ipinaalam sa master.

**Key Issues**

**Fit for duty:** Ang alak ay nakapinsala sa judgement ng parehong bisita at may-ari.

**Pressure/culture:** Ang may-ari ay binully kapitan na gawin ang isang bagay na labag sa kaniyang professional judgement. Sa barko, ang ganitong pag-uugali ay makikita sa kanilang safety culture (at marahil pati ang kanilang welfare culture).

Yacht crew can contact the International Seafarers' Welfare and Assistance Network (ISWAN) via WhatsApp (+44 (0)7514 500153) for 24-hour help and support for issues such as bullying and harassment, unpaid wages, and mental health support.

**pressure**Pressure

**normalisation_of_deviation**Deviation